



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

Pangalan ng Negosyo: I-klik o tap dito para ilagay ang text.

Address ng Pasilidad: I-klik o tap dito para ilagay ang text.

Maaari ninyong tawagan ang sumusunod na tauhan para sa anumang mga taong o komento tungkol sa protocol na ito:

Pangalan: I-klik o tap dito para ilagay ang text. **Telepono:** I-klik o tap dito para ilagay ang text.

Bawat negosyo na napapailalim sa Health Officer Directive 2020-13b (Direktiba ng Opisyal sa Kalusugan Blg. 2020-13b) ay dapat lumikha, magpaskil, at turuan ang mga Tauhan hinggil sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Plan) na siyang tinutukoy sa bawat item (bilihin o bagay) na nakalista sa ibaba. Maaaring gamitin ng negosyo ang form na ito para ipahiwatig na ang mga rekisito (requirement) ay nakamit, o maaring lumikha ng sariling dokumento na siyang tutukoy sa mga bagay na itinatakda dito. Dapat magbigay ng mga detalye ang negosyo, katulad ng pagpapaliwanag kung saan nakapaskil ang mga item, papaano nito natuturuan ang mga Tauhan, o kung papaano nito ginagawa ang ibang bagay na hinihiling sa kahon sa dulo ng dokumento o mga karagdagang pahina. Kung hindi nalalapat ang isang item, maaaring isulat ng negosyo at magbigay ng paliwanag sa dulo ng dokumento.

Summary ng mga rebisyon: Itong dokumento na ito ay binago nuong Hunyo 5, 2020: (1) tingnan ang San Francisco Department of Public Health na patnubay tungkol sa pag susuri ng kalusugan ng mga bata, at kapag ang mga bata ay nakaramdam ng mga sintomas at babalik na sa programa. [Section 4.1 & 4.4]; (2) kapag dumating ang mga bata na nilagnat o nagkasakit ay kailangan niya na humiwalay sa ibang mga bata at umuwi agad sa kanilang tahanan [Section 4.7]; at (3) linawin na ang mga espasyo na baba ng 144 square talampakan (144 square feet) kada bata o kabataan ay maaaring gawing bahagi na espasyo (shared spaces) na hindi tataas ng isang grupo kung ang luob ay nakahiwalay ng room divider na hindi nagbibigay ng sirkulasyon ng hangin sa pagitan ng dalawang espasyo [Section 3.7].

Seksyon 1 – Signage at Edukasyon:

- 1.1.** Magpaskil ng kopya ng Protokol sa Social Distancing sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.
- 1.2.** Magpaskil ng kopya ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.
- 1.3** Ipamahagi sa lahat ng Tauhan ang mga kopya ng Protokol sa Social Distancing at Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (o buod ng bawat item na mayroong impormasyon sa kung paano makakakuha ng mga kopya) at anumang materyales na pang-edukasyon na kinakailangan sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

- 1.4 Turuan ang lahat ng Tauhan tungkol sa mga rekisito ng Protokol sa Social Distancing at ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na nalalapat sa mga ito.
- 1.5 I-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan kung kinakailangan habang epektibo ang Direktiba.

Seksyon 2 – Mga Rekisito sa Proteksyon at Kalinisan ng Tauhan

- 2.1 Abisuhan ang lahat ng Tauhan nang pasalita at nang nakasulat na huwag pumasok sa trabaho o sa pasilidad kung sila ay may sakit.
- 2.2 Magbigay ng kopya ng Attachment sa Exhibit na ito, na may pamagat na “Handout para sa Tauhan (Mga Empleyado, Contractor, Volunteer) ng Esensyal na Negosyo at Iba Pang Mga Negosyong Pinahihintulatang Magpatakbo sa Panahon ng Emergency na Pangkalusugan”(ang “Attachment”), sa lahat ng Tauhan sa format na hardcopy o elektroniko. Makikita ang PDF at mga isinaling bersyon ng Attachment online sa www.sfdcp.org/covid19 (buksan ang lugar ng “Mga Negosyo at Employer” ng seksyong “Impormasyon at Patnubay para sa Publiko”). Kung updated ang Attachment, magbigay ng in-update na kopya sa lahat ng Tauhan.
- 2.3 Repasuhin ang pamantayang nakalista sa Part 1 ng Attachment araw-araw sa lahat ng Tauhan sa loob ng Lungsod bago pumasok ang bawat tao sa mga lugar ng trabaho o magsimula ng kanilang trabaho. Utusan ang sinumang Tauhan na sumagot ng oo sa anumang tanong sa Part 1 ng Attachment na bumalik sa bahay at huwag pumasok sa trabaho at sundin ang mga direksiyon sa Attachment.
- 2.4 Utusan ang Tauhan na nanatili sa bahay o umuwi batay sa mga pamantayang nakalista sa Attachment na kailangan nilang sumunod sa mga pamantayan at gayundin sa anumang nalalapat na mga rekisito mula sa mga direktiba sa quarantine at isolation (available online sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp) bago bumalik sa trabaho. Kung kinakailangan silang mag-quarantine ng sarili o mag-isolate ng sarili, maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos nilang kumpletuhin ang self-quarantine o self-isolation. Kung nag-negatibo sila sa virus (walang nakitang virus), maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos maghintay ng ilang tagal ng panahon na nakalista sa Attachment pagkatapos maresolba ang kanilang mga sintomas. Hindi kinakailangan ng Tauhan na magbigay ng medical clearance letter upang makabalik sa trabaho kung natutugunan nila ang mga rekisitong itinatakda sa Attachment.
- 2.5 Sa mga darating na linggo maaaring mag-isyu ang Department of Public Health ng mga patnubay na nag-uutos sa mga Summer Camps at iba pang mga pinahihintulatang negosyo



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

na sumunod sa mga rekisito sa testing ng COVID-19 para sa mga employer at negosyo. Paminsan-minsan, suriin ang mga sumusunod na website para sa anumang rekisito sa testing para sa mga employer at negosyo: www.sfcdep.org/covid19. Kung idinagdag ang mga rekisito, siguraduhing na-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at sumusunod ang lahat ng Summer Camps at Tauhan sa mga rekisito sa testing.

- 2.6** Kung ang isang empleyado o ibang Tauhan ay nagpositibo sa COVID-19, sundin ang gabay sa “Patnubay ng negosyo kung ang miyembro ng staff ay nagpositibo sa COVID-19,” na makikita online sa sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19.
- 2.7** Magbigay ng Panakip-Mukha para sa lahat ng Tauhan, na mayroong mga tagubilin na kailangan nilang magsuot ng Panakip-Mukha sa lahat ng oras kapag nasa trabaho, alinsunod sa itinakdang Kautusan sa Panakip-Mukha. Makakakuha ng halimbawang karatula sa online <https://www.sfcdep.org/covid19/> (buksan ang “Schools, Childcare, and Youth Programs”seksyon ng “Information and Guidance for the Public”). Pahintulutan ang Tauhan na magdala ng kanilang sariling Panakip-Mukha at kung nagdala sila nito, dapat nalinisan ito bago mag simula ng trabaho. Sa pangkalahatan, dapat na magkaroon ang mga tao ng iilang Panakip-Mukha (maaari mang gamitin muli o hindi) upang matiyak na malinis ang ginagamit nila sa bawat araw.
- 2.8** Maglagay ng lababo na may sabon, tubig, at mga papel na tuwalya para sa paghuhugas ng kamay, para sa lahat ng Tauhan na nagtatrabaho sa lugar at sa pasilidad o lokasyon. Utusan ang lahat ng Tauhan na maghugas ng kamay bago magsimula at pakatapos ng kanilang trabaho, pagkatapos bumahing, umubo, kumain, uminom, pagkatapos tulungan ang bata sa banyo para palitan ang lampin at maduming damit, kapag nagpalit ng mga gawain, at hanggat maaari, madalasin habang nagtrabaho.
- 2.9** Maglagay ng hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa loob ng pasilidad o lokasyon para sa Tauhan. Ilayo ang hand sanitizer sa mga maliliit na bata at laging subaybayan sila habang gumagamit nito. Kung walang makuhang sanitizer, maaaring sapat na ang isang istasyon sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, tubig, at mga papel na tuwalya para sa mga Tauhan na nasa lokasyon ng Summer Camp. Ang impormasyon sa hand sanitizer, kabilang ang sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 at kung paano makakakuha ng sanitizer, ay makikita online mula sa Food and Drug Administration dito: <https://www.fda.gov/drugs/information-drug-class/qa-consumers-hand-sanitizers-and-covid-19>
- 2.10** Parating disimpektahan ang mga silid pahingahan (break room), banyo, at iba pang karaniwang lugar sa buong araw.



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

- 2.11** Isaalang-alang na puyuhan ang mga Tauhan na inirerekomenda sa kanila na magpalit ng damit at sapatos bago o pagdating ng kanilang tahanan para mabawasan ang lantad ng virus sa mga miyembro ng pamilya at dapat linisin ang damit na ito bago ulit gamitin.

Seksyon 3 – Matatag at magkahiwalay na grupo ng mga kabataan:

- 3.1** Limitado hanggang labing-dalawa lamang ang bilang ng mga kabataan sa loob ng kwarto o sa isang espasyo. Ang grupo ng mga kabataan ay hindi tataas ang bilang hanggang labing-dalawa, kahit eto ay malilit na bata o kabataan na magpapartisipasyon sa programa.
Halimbawa,
- Ang Summer Camp ay hindi dapat may limang grupo o pataas na bata na pumapasok na full-time; tatlong bata sa Lunes/Miyerkules/Biyernes; at tatlong bata sa Martes/Huwebes (11 na kabuuan)
 - Ang Summer Camp ay hindi dapat may otsong grupo na bata na pumapasok sa buong araw, apat na bata na pumapasok sa umaga lamang, at apat na bata na pumapasok sa hapon lamang (16 na kabuuan)
- 3.2** Kailangan na may dalawang tauhan kada grupo. Ang menor de edad na 14-17 anyos na nagtratrabaho sa programa, kasama na ang mga interns, ay itinuturing na tauhan at hindi kasama sa limitadong bilang ng mga bata.
- 3.3** Panatilihin ang mga bata at mga kabataan sa parehong grupo bawat araw, sa buong sesyon, maliban kung may kailanganing baguhin para sa ikakabubuti ng mga bata at kabataan.
- 3.4** Ang nakatalagang mga bata o kabataan ay dapat mula sa isang pamilya sa isang grupo, kung maari
- 3.5** Panatilihin magkakasama ang mga tauhan sa isang grupo hangat maari.
- 3.6** Kung ang isang programa ay may higit sa grupo ng mga bata o kabataan, ang bawat isang grupo ay dapat nasa magkahiwalay na kwarto o espasyo. Ang mga interekasyon sa paggitan ng bawat grupo ay dapat bawasan sa pinakamahusay ng lawak hangat maari.
- 3.7** Para sa mga lugar na panloob tulad ng “gymnasium o auditorium” ay maaaring gamitin ng higit isang grupo kung:
- Ang espasyo ay hindi bababa sa sukat na 144 kwadradong talampakan (12X12) bawat isang bata o kabataan o kaya ay 1750 kwadradong talampakan sa bawat



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

labindalawang grupo;

- Ang itinatalang lugar para sa bawat isang grupo ay may malinaw na marka, at nakahiwalay ng 10-12 talampakan na hindi dapat pumunta (“no go”) buffer zone na hindi ginagamit ng grupo;
- Ang espasyo ay dapat may sapat na aliwalas, halimbawa, ang pagbubukas ng mga bintana o mga pinto;
- Ang mga partiyon (e.g., a gym divider curtain) ay inilalagay upang panatilihin ang pagdaloy ng hangin;
- Parehong grupo ay mula sa parehong Summer Camp.

Ang mas maliit na square talampakan (square footage) kada bata ay mapapayagan kung ang espasyo na nasa luob ay nakahiwalay ng room divider na hindi nagbibigay ng sirkulasyon ng hangin sa pagitan ng dalawang espasyo.

Kapag pumipili ng mga aktibidad sa lugar na pagsasaluhan ng espasyo, ay isipin ang potensyal na pagkakaroon ng “respiratory droplets or aerosols” o kahirapan sa paghinga, at subukan ang mga aktibidad na panlabas. Halimbawa ang masiglang paglalaro ng Basketball ay mas mataas ang panganib kaysa sa isang tahimik na aktibidad.

3.8 Ipatupad ang mga stretihiya upang limitahin ang pagsasama ng bata at kabataan.

Halimbawa:

- Palaruan na may oras at iba pang aktibidad na hindi ang dalawang grupo ang magkakasama sa
- Panatilihing magkakahiwalay ang mga grupo sa bawat espesyal na aktibidad kagaya ng Art, Musika, at pag-eehersisyo.
- Isaalang-alang sa palaruan ang pagkain ng mga takdang oras. Isinasaalang ang mga tauhan na kumain sa magkahiwalay na oras, upang hindi na nila kailangan alisin ang kanilang panakip mukha sa parehong oras ng mga bata, kabataan o ibang mga tauhan.
- Hikayatin ang bawat isa sa mga iktibidad katulad ng pagpinta, crafts, building with blocks at iba pang klase na materyales.
- Ang espasyo ng mga bata bilang magkakalayo hanggang maari, at anim na pulgadang layo sa isa’t isa, para sa indibidiwal na aktibidad at lalo na sa pagkain, habang nakaalis ang panaki-mukha.



Exhibit A Direktiba ng Opisyal ng Kalusugan Blg. 2020-13b (inisyu 5/26/20; binago 6/5/20)

Mahusay na Pagsasanay para sa Summer Camps

- naa oras ng pamamahinga ilagay ang mat o “banig” ng magkakalayo hanggat maari ay anim na pulgada ang layo sa bawat isa. Subukan na ang mga bata ay nakahiga sa kanilang mat o “banig” sa ang ulo at paa nila at magkasalungat (tingnan ang diagram).
- Isali ang mga bata sa pagpapaunlad ng lipunan sa plano ng distansya gamit ang chalk at iba pang materyal katulad ng pool noodles at yarn upang lumikha ng sariling espasyo sa lugar.
- Gumawa ng madaming aktibidad sa labas hangga’t maaari kabilang ang meryenda at pagkain sa labas.
- Kanselahin o ipagpaliban ang mga espesyal na pangyayari na kasali ang magulang at kamag-anak, tulad ng piyesta, holiday events, at espesyal na pagtatanghal.
- Huwag gumawa ng mga pagtitipon tulad ng campfires, sing-alongs, at iba pang aktibidad na nagdudulot ng malaking grupo ng bata na magkakasama kahit ito ay gaganapin sa labas.

3.9 Ang mga laro na may pinagsasaluhan ang mga kagamitan o may pisikal na kontak tulad ng soccer, basketball, baseball, softball, at tennis na maaaring laruin, ngunit pwede lamang sa parehong may matatag na grupo ng may 10-12 na bata at kabataan. Linisin ang mga kagamitan isang beses sa isang araw hangga’t maaari.

3.10 Ang Summer Camp na sesyon ay dapat hindi bababa sa tatlong linggo ang haba. Bata at kabataan ay kailangang dumalo sa unang linggo ng buwan ng sesyon. Kung sino ang hindi makakadalo sa unang linggo ay maaaring hindi makasali sa sesyon. Bata at kabataan ay hindi maaaring piliin na dumalo sa buong tagal ng programa, ngunit kung sila at aalis sa kanilang lugar at hindi pwedeng palitan ng ibang bata. Ang pagbabawal na eto ay mas bababa ang tsansa ng bata at kabataan na mainpeksyon ng COVID-19 sa isang programa, pagkatapos ay pupunta sa isa pang camp o bago sila bumalik sa paaralan, at bago sila magkasintomas at makahawa ng COVID-19 sa ibang grupo.

Section 4 – Pagsusuri ng Sintomas ng bata:

4.1 Itanong sa magulang/tagapag-alaga at sa bata ang tungkol sa posibilidad ng COVID-19 ayon sa nakasaad sa SFDPH gabay sa COVID-19 Health Checks at Programs for Child and Youth na makikita sa online sa <https://www.sfcddcp.org/covid19/> (bukсан ang “Schools, Childcare, and Youth Programs” lugar ng “Information and Guidance for the Public” seksyon).

For Summer Camps

- 4.2 Alinman sa magulang o taga-pangalaga na kunan ang mga bata ng temperatura bago dumating at sabihin ito o kunan ang mga bata ng temperatura ng hindi kailangan hawakan “no touch” (infrared) na pagkuha ng temperature pagdating. Para sa mga detalye kung paano ligtas na kumuha ng temperatura ng mga bata ng hindi hinahawakan o “no touch” thermometer, tingnan ang San Francisco Department of Public Health’s Guidance Interim Guidance para sa Child Care Programs at Summer Day Camps, ay nasa <https://www.sfcdep.org/communicable-disease/diseases-a-z/covid19whatsnew/>.
- 4.3 Tingnan ang bata o kabataan. Tingnan kung may palatandaan ng sakit tulad ng pamumula ng pisngi, mabilis na paghinga o hirap sa paghinga, pagkapagod, o matinding pagbubusisi.
- 4.4 Ang batang may sintomas o may lagnat ay dapat pauwiin sa kanyang tahanan. Ang mga bata ay maaring bumalik sa pasilidad kung matugunan nila ang pamantayan na nakasaad sa SFDPH gabay sa COVID-19 Health Checks at Programs for Child and Youth na makikita sa online sa <https://www.sfcdep.org/covid19/> (buksan ang “Schools, Childcare, and Youth Programs” lugar ng “Information and Guidance for the Public” seksyon).
- 4.5 Ang tauhan na magsasagawa ng pagsusuri o “screening” ay dapat anim na pulgada ang layo mula sa bata at magulang o taga-pangalaga.
- 4.6 Ang mga batang nakapasa sa pagsusuri ay dapat maghugas ng kanilang kamay gamit ang sabon at tubig o gamitin ang “hand sanitizer” bago pumasok sa gusali o sa programa.

Section 5 – Pamamaraan ng Drop-Off at Pick-Up:

- 5.1 Kailangan na ang mga miyembro ng pamilya at taga-pangalaga ay nakasuot ng panakip mukha kapag ibinababa o susunduin ang mga bata at sa lahat ng oras sa loob ng Summer Camp pasilidad o lugar.
- 5.2 Staff should remain 6 feet apart from parents and caregivers. Ang mga tauhan ay dapat panatilihin ang anim na pulgadang layo mula sa mga magulang at taga-pangalaga.
- 5.3 Ang pagdating at pagbababa sa oras ay kailangan limitahin ang pakikipagugnayan sa paggitan ng pamilya hangga’t maaari.
- 5.4 Batiin ng mga tauhan ang mga bata sa labas ng pagdating nila. Maglagay ng karatula ng listahan sa labas at magbigay ng “sanitary wipes” pang-linis ng mga panulat o “pens” pagkakatapos gamitin.
- 5.5 Isaalang-alang ang “curbside” na pagbababa at pagsundo, kung saan ang mga tauhan na pupunta sa labas ng pasilidad para susunduin ang mga bata sa kanilang pagdating, at dalhin ang mga bata sa labas upang sunduin.

For Summer Camps

5.6 Hikayatin ang parehong miyembro ng pamilya o nakatalagang tao sa pagbababa at pagsundo ng bata araw-araw. Huwag payagan ang mga lolo't lola at iba pang mga matatandang kamag-anak na sumundo sa mga bata, kung sila ay higit sa 60 taong-gulang , dahil ang mga ito at mas mataas ang panganib sa may malubhang karamdaman.

Seksyon 6 – Panakip-Mukha:

- 6.1** Ang lahat ng matatanda at kabataan edad labing-tatlo at pataas ay dapat na may suot na panakip-mukha o malinis na tuwalya na pangtakip sa lahat ng oras. Kabilang dito ang miyembro ng pamilya at taga-pangalaga habang nag-iintay sa labas ng pagbababa at pagsusundo ng mga bata.
- 6.2** Hikayatin ang mga bata tatlo hanggang labing-dalawang taong gulang na magsuot ng panakip-mukha kasama sa pangangasiwa ng matatanda.
- 6.3** Do not use face masks or cloth face coverings for children ages 2 and younger, anyone who has trouble breathing, or is asleep, unconscious, or otherwise unable to remove the mask without assistance. Huwag gamitin ang panakip-mukha o tuwalyang pantakip sa mga batang edad dalawa at mas bata, sinuman ang nakakaranas ng problema sa paghinga, o tulog, walang malay, o hindi kayang alisin ang panakip-mukha ng walang tulong.
- 6.4** Ang mga bata ay hindi dapat magsuot ng panakip-mukha sa oras ng pag-tulog.

Seksyon 7 – Kalinisan at Paghuhugas:

- 7.1** Encourage children, youth, and staff to wash their hands often with soap and water for at least 20 seconds or with hand sanitizer, especially before eating, after going to the bathroom or diapering, or after wiping their nose, coughing, or sneezing. Hikayatin ang mga bata, kabataan, at mga tauhan na maghugas ng kanilang kamay ng mas madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa ng 20 segundo o gamit ang hand sanitizer, lalo na bago kumain, pagkatapos gumamit ng palikuran o pagpapalit ng diaper, o pagkatapos mag punas ng ilong, pag-ubo o pag-bahing.
- 7.2** Turuan ang mga bata, kabataan at mga tauhan tungkol sa pangunahing mga hakbang para maiwasan ang pagkalat ng inpeksyon, kabilang ang pagtakip kapag umuobo at pagbahing at paghuhugas ng kamay ng madalas.
- 7.3** Isangkot ang mga bata at kabataan sa paggawa ng mga palatandaan upang ipaalala sa mga tao kung paano ang paghuhugas ng kanilang kamay, pagtatakip kapag umuubo at pagbahing at manatili na anim na talampakan ang paggitan sa isa't isa.
- 7.4** Magtakda ng iskedyul para sa paglilinis at pagdidisimpekta. Bilang karagdagan sa regular na paglilinis, ang espasyo ay dapat na lubusang malinis at disimpekta sa pagitan ng paggamit ng iba't ibang grupo, halimbawa, sa paggitan ng mga sesyon, bigyan ng espesyal na

For Summer Camps

atensyon ang panloob na kainan sa lugar kung saan ang mga tao ay nagtatanggal ng panakip-mukha.

- 7.5** Regular na linisin, sanitize, at disimpektahin ang ibabaw at ang bagay na madalas hawakan, partikular ang mga laruan. Kabilang dito ang pintuan, mga switches ng ilaw, mga hawakan sa lababo ng silid aralan, mga estante, higaan (nap pads), toilet training potties, lamesa, upuan, cubbies, at palaruan.
- 7.6** Kung ang mga ibabaw ay napakadumi, linisin ito gamit ang sabon at tubig bago ito disimpektahin.
- 7.7** Gamitin ang productto ng paglilinis ayon sa direksyon ng itiketa. Karamihan sa pambahay na disimpekta o pampatay mikrobyo ay epektibo. Upang gamitin kung ang pag disimpekta o pampatay mikrobyo ito ay nasa listahan ng EPA's na produkto na epektibo laban sa coronavirus, bisitahin ang <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>. Sundin ang manufacture at gabay para sa konsentrasyon, paraan ng aplikasyon, at numerong pwedeng tawagan ano mang oras tungkol sa lahat ng klase ng pang-linis at pampatay ng mikrobyo na productto.
- 7.8** Panatilihin ang lahat ng materyales na pang-linis ay ligtas at hindi maaabot ng mga bata at siguraduhin na may sapat na bentilasyon habang ginagamit ang productto upang ang mga bata at tauhan ay ligtas mula sa malalanghap na lason.
- 7.9** Huwag gumamit ng mga laruan na hindi malilinis at hindi mahuhugasan.
- 7.10** Itabi ang mga laruan ng mga bata na isinubo sa kanilang bibig at naging kontaminado na nanggaling sa laway. Linisin itong mga laruan gamit ang kamay na may guwantes. Linisin gamit ang tubig at sabon, banlawan at saka isanitize gamit ang EPA na rehistradong pang disimpekta at pahanginan para matuyo.
- 7.11** Itabi ang mga laruan na kailangan linisin. Ilagay sa “dish pan” na may sabon at tubig o sa hiwalay na lalagyan na may marka para sa “soiled toys” o maduming laruan. Panatilihin na ang “dish pan” ay hindi maaabot ng mga bata upang maiwasan ang pagkalunod.
- 7.12** Huwag maghiraman ng mga laruan, arts and crafts na materyal, o mga gamit sa paaralan (halimbawa, gunting, pang-marka, panulat, lapis pandikit at kung ano ano pa) sa pagitan ng mga grupo ng mga bata at kabataan. Maghugas at maglinis ng laruan bago ilipat mula sa isang grupo at sa iba pa.
- 7.13** Ang telang laruan ay dapat gamitin lamang ng isang bata kada oras, o hindi gagamitin lahat.
- 7.14** Ang mga libro at iba pa na materyales na papel katulad ng liham o mga sobre, ay hindi na kailangan ng karagdagang paglilinis at pagdidisimpekta.
- 7.15** Magtakda ng sapat na oras sa trabaho upang magkaroon ng tamang paglilinis at pagdidikontaminado sa buong pasilidad o lokasyon.

For Summer Camps

Mga karagdagang impormasyon (gamitin itong espasyo para magbigay ng mga karagdagang impormasyon o isama ang mga dagdag na pahina kung kailangan)